# PANALO ANG NAGBABASA NG DIKSIYONARYO

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Sa milyong bilang ng mga libro na makatutulong sa pagpapatibay ng pundasyon ng kaalaman ng mga mag-aaral, isa ang diksiyonaryo sa pinakamalaki ang bahaging ginagampanan lalo na sa pagkatuto ng mga salita (Ezeh at iba pa, 2022). Ang pagpapahalaga sa diksiyonaryo ay naglalarawan ng pangunahing yugto sa pagsanay ng isang tao sa tamang paggamit ng wika. Ito ay hindi lamang isang simpleng aklat ng kahulugan, kundi isang mahalagang kasangkapan na nagbibigay inspirasyon at naglalaman ng mga pundamental na bahagi ng wika. Malaking bagay kung ang mga mag-aaral ay gagawing regular o kakagawian ang paggamit ng diksiyonaryo. Tulad kasi ng pagbabasa ng ibang mga libro, malaki ang maitutulong ng diksiyonaryo upang ipakilala ang isang kabataan sa mas malawak na mundo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Simple lamang tingnan ang mga librong diksiyonaryo ngunit isa itong makapangyarihang instrument upang mapalawak ang bokabularyo ng isang mag-aaral. Isa sa mga normal na problema ng mga mag-aaral ang pagpapahayag ng kanilang mga ideya at opinyon sa maraming paksa ngunit kapansin-pansin na tila nalilimitahan ang kanilang kakayahan dahil sa kawalan ng malawak na bokabularyo. Kaya naman malaking tulong ang regular na pagbisita sa mga pahina ng diksiyonaryo sapagkat maliban sa kahulugan ng mga salita, nilalaman din nito ang mga bahagi ng pananalita, kasingkahulugan at kasalungat, maging ang tamang pagbigkas (Komisyon ng Wikang Filipino, 2021). Sa araw-araw na pagbabasa nito ay tiyak na maraming panibagong mga salita ang malalaman ng mga kabataan. Sumakatuwid, pinagyayaman nito ang wika sapagkat nagkakaroon ng mas malawak na pang-unawa ang mga mambabasa sa iba't ibang konteksto ng mga salita (Ferrer, 2019).

Malaking tulong din ang diksiyonaryo upang malaman ng mga mag-aaral ang wastong gamit ng mga salita. Kinakailangan ito sa maraming gawain tulad ng pakikipagtalastasan sa paaralan, pagsulat at pagbasa, maging sa paggawa ng mga ulat. Nagagamit din ito sa iba pang larangan tulad ng akademiko at masining na pagsulat. Dahil sa ganitong pakinabang ng diksiyonaryo, nagiging tulong ito sa pagkakaroon ng maayos at mabisang komunikasyon sa pagitan ng mga indibidwal. Naiiwasan ang pagkakaroon ng di pagkakaunawaan dahil sa hindi malinaw na pahayag kung wasto ang paraan ng pakikipagdiskurso at ito ay dahil na rin sa nasabing aklat.

Pinauunlad din ng diksiyonaryo ang kasanayan sa pagsulat at pagsasalita ng mga estudyante. Sa araw-araw na pagkatuto ng mga bagong salita, napauunlad nila ang kakayahang ipakita ang galing sa pagsulat. Malaking bagay ang diksiyonaryo lalo na sa mga patimpalak na nangangailangan ng malalawak na bokabularyo tulad ng Pamamahayag o Journalism. Kinakailangan ang maramihang baon na bokabularyo sapagkat isa ito sa magiging kalakasan ng kalahok kung sakali. Mainam na kayang-kayang gamitin ng mga mag-aaral ang isang salita ngunit sa iba't ibang konteksto. Malaking pakinabang din ang diksiyonaryo sa mga patimpalak ng pagbabaybay at pagsulat ng mga sanaysay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Mahalagang paunlarin ang wika sa araw-araw at mangyayari lamang ito kung sa tuwina ay mayroong bagong matututunan ang mga mag-aaral . Salamat sa diksiyonaryo sapagkat hindi matatawaran ang kontribusyon nito sa pagpapalawak ng kaalamang pangkomunikasyon, pasalita man o pasulat, ng mga kabataan. Maliit man na libro ngunit napakalaking bahagi ang ginagampanan nito sa pagpapayaman ng wika at pagpapalawig ng kaalaman sa pakikipagtalastasan, sa mga kuro-kuro. Mapadebate, talumpati, patimpalak sa sanaysay man…lamang ang kalahok na lagging nagbabasa ng diksiyonaryo.

*References:*

Ezeh, N. at iba pa (2022). Dictionary as an Effective Resource in Teaching and Learning of English as a Second Language: Complementing Instructions. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1342243.pdf

Komisyon ng Wikang Filipino (2021). Diksiyonaryo. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://kwfdiksiyonaryo.ph

Ferrer, C. (2019). Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.researchgate.net/publication/338779348_Epekto_ng_Kaalamang_Bokabularyo_sa_Interes_sa_Pagbabasa_ng_mga_Akdang_Panitikang_Filipino_ng_mga_Mag-aaral

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan